



23 MAR 2022


FDA ADVISORY  
No. 2022-0645-A

**PARA** : SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO

**PAKSA** : Babala sa Publiko tungkol sa Paggamit ng mga sumusunod na Beripikadong Pekeng Gamot na:

1. Carbocisteine (Solmux®) 500 mg Capsule 100's
2. Naproxen Sodium (Flanax® Forte) 550 mg Tablet

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na beripikadong pekeng gamot:



Larawan 1. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Carbocisteine (Solmux®) 500 mg Capsule 100's (Lot No. U206550)





**TUNAY/AUTHENTIC**



**PEKE/COUNTERFEIT**



**Counterfeit** – Ang *batch no.* ay hindi gawa ng *Marketing Authorization Holder (MAH)*

Larawan 2. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Naproxen Sodium (Flanax® Forte) 550 mg Tablet (Batch No. TFFUK465)



Ang lahat ng healthcare professionals at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA.


Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng pekeng gamot na nagtataglay ng mga nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on Counterfeit Drugs. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Ang lahat ng establisyemento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing iligal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon. Karampatang parusa ay mahigpit na ipatutupad sa mga lalabag. Ugaliing tignan kung rehistrado ang produkto sa FDA sa pamamagitan ng FDA Verification Portal feature na makikita sa <http://verification.fda.gov.ph>.

Hinihiling sa lahat ng Local Government Units (LGUs) and Law Enforcement Agencies (LEAs) na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-email sa [info@fda.gov.ph](mailto:info@fda.gov.ph). Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamut, mag-email sa [report@fda.gov.ph](mailto:report@fda.gov.ph), o mag-report gamit ang aming online reporting facility, eReport, sa [www.fda.gov.ph/ereport](http://www.fda.gov.ph/ereport). Maaari ring tumawag sa Center for Drug Regulation and Research sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamut, i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon

  
**DR. OSCAR G. GUTIERREZ, JR.**  
Officer-in-Charge Director General

DTN: 

20220316084628